

Pananampalataya – Unang Bahagi

~Umiiral ba sa Akin si Kristo? ~

✠ Paul Otsuka Yoshinao, Obispo ng Kyoto

1. Pagtugon sa Ating Bokasyon sa Pamamagitan ng Tunay na Pananampalataya

Simula nung maitalaga ang taong 2009 bilang “Unang Taon ng Pagpapalaganap ng Bokasyon,” ginugol natin ang dalawang taon upang pag-isipan ang ‘bokasyon,’ at sa sama-samang pagdarasal tungkol sa bokasyon na ibinigay sa diyosesis. Hindi pa naglalaon napag-isip ko uli na para sa atin, mga Kristiyano sa makabagong daigdig, ang bokasyon ay ang pinakapundasyon ng ating buhay, at ang pangangailangan natin na tugunin ang tawag ng Diyos ay walang iba kundi ang pagsasabuhay ng ‘pananampalataya.’ Nguni’t ang pananampalatayang ito ay kailangan ‘tunay na pananampalataya.’ Sa pagsasabuhay ng ating bokasyon na ating nalaman sa pamamagitan ng “tunay na pananampalataya’ tayo ay nagiging ‘tunay na taong naniniwala’.

Kaya napili ko ang ‘pananampalataya’ bilang tema ng taong ito. Para sa mga Kristiyano na talagang matatawag na ‘mga naniniwala’ ang lahat ng kanilang isip at gawa ay kailangang nakaayon sa ‘pananampalataya.’ Ang sariwang pag-iisip muli sa kanilang pananampalataya ay ang panimula upang ang mga naniniwala ay mapahayagan ang kanilang sarili. Nais ko na tayo, sa mapanuri na pagmumuni-muni kung anong uri ng pananampalataya mayroon tayo, ay maghangad ng pagsisisi at paglalim ng pananampalataya.

2. ‘Ano ang pinaniniwalaan mo sa Diyos?’

Ang pananampalataya ay ang makataong pagtugon sa banal na paghayag, nguni’t ang pananampalataya ay pakikilahok din sa isang personal na pagmamahal sa Diyos. Kapag ang mga Kristiyano ay naniniwala sa Diyos, hindi lang sila naniniwala at nagpapahayag na umiiral ang Diyos, naniniwala din sila sa pag-ibig at awa ng Diyos at tinatawag sila na masigasig na ipagkatiwala ang sarili nila sa pagmamahal at awang iyon. Ang pananampalataya ng mga Kristiyano ay hindi lamang ang pagkilala sa pag-iral ng Diyos, pagtanggap sa nakasulat sa Ebanghelyo at ang pagsang-ayon dito, ito ay pagtitiwala ng kanilang buong pag-iral sa Diyos na kaya na nilang tawaging ‘Abba’ (ama) dahil sa natagpuan na nila si Kristo at kasama na nila sa pakikipagkapwa ang Espiritu Santo. Ang mga Kristiyano ay hindi basta na lamang naniniwala na tama ang kung anong mang mga teyorya o ‘ismo’; naniniwala sila sa Diyos na kaya nila at

nakasanayang nang tawaging 'ikaw' nang buong katapatan. Ang ganitong pananampalataya ay umuusbong mula sa damdaming tinawag sila mismo Niya na sumasakop sa lahat magpakawalang hanggan.

3. Nararamdaman mo ba sa Lahat ng Panahon na Ikaw ay Tinawag ng Diyos?

Maaaring ang mga taong nag-aaral ng katesismo para mabinyagan (catechumens) ay may paniniwala din sa Diyos nang hindi nila nalalaman; samantalang maaaring tayo na naniniwalang mayroong pananampalataya na ang apoy ay humihina (flickering) at maaaring mamatay. Ang pananampalataya ay hindi nagmumula sa pagnanais o pagsisikap ng tao; ito ay lumalabas na lamang isang araw sa pamamagitan ng 'damdaming ispirituwal' na gumagalaw sa aking kaboban. Nangyayari ito dahil ibinigay ng Diyos sa tao ang kakayahan ng pananampalataya na nanggaling sa Espiritu Santo. Nagagalak ang Diyos na magbigay sa iyo ng **"espiritu ng karunungan at pahayag habang nakikilala mo siya,... sa pamamagitan ng mga mata ng iyong pusong naliwanagan."** (Eph 1:17-18). (*)

Gumagalaw ang Diyos upang na-impluwensiyahan ang mga tao sa dalawang paraan, mula sa labas at mula sa loob. Sinasabi sa atin ng ebanghelyo na ang Diyos ay nakisangkot (intervene) sa kasaysayan ng sangkatauhan upang simulan ang kasaysayan ng pagsagip pagsakop: tinawag niya ang mga tao ng Israel at ipinadala Niya si Kristo upang maganap ang pagbubunyag (revelation). Tayo ay naisama sa pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng simbahan na siyang naniniwala at nagmamana sa pagiging saksi ni Kristo. Sa ibang salita, sa pamamagitan ng tulong ng tao at mga pangyayari, ibinubunyag ng Diyos sa kasaysayan ang Kanyang nais sa pagligtas. Maliban dito, ang Diyos ay gumagalaw sa pamamagitan ng tinig na naririnig ng puso ng tao upang anyayahan ang mga tao sa pakikipag-usap sa Kanya. Naiisip ko kung tayo ba ay palaging nagmamatyag (attentive) sa paanyayang ito at talagang buo ang pasyang tanggapin ito?

4. Ikaw ba ay Malapit sa Diyos na Hindi Mo Nakikita?

May dalawang paraan na maaaring gawin sa pagtugon sa pananampalataya. Isa, tulad ng nasabi ko na, ay ang paniniwala, at pagtitiwala ng sarili, sa pagmamahal at awa ng Diyos. Ang isa pa ay ang matalas na pakiramdam (sensitive) sa salita at palatandaan na lumapit sa Diyos na hindi nakikita sa gitna ng karaniwang buhay sa pamamagitan ng mga nakikitang mga tanda (simbolo).

Ang taong lumapit upang maniwala sa Diyos ay hindi nanalig sa kanyang sariling kaalaman, lakas o kayamanan kundi, sa walang hanggang Diyos mismo. Ang Diyos na ito ay nagpapakita sa bawa't isang tao at sa lahat na naniniwala sa Kanya. Ang sabi ni San Pablo, "Kilala ko kung kanino ako magtitiwala" (2 Timoteo 1:12) nguni't kaya nating sabihin na ang 'paniniwala' ay hindi lang isang pangyayaring minsan lang naganap kundi ang pagsisimula ng isang

pamamaraan (process). Dahil ang Diyos ay isang buhay na nilalang Siya ay naririto (present) at nagbubuhos ng Kanyang pagmamahal at awa sa puso ng taong nagugutom at nauuhaw sa Kanya. Ayon sa personal na relasyon sa Diyos, na maaari nating nakagawiang tawaging 'ikaw,' isang ugnayang puno ng makadiyos (divine) na pagmamahal, sinisikap nating 'makita' sa pamamagitan ng pananampalataya, kasama ang 'mata ng puso,' ang Diyos na hindi natin nakikita.

5. Si Kristo ba ay Kasama sa Iyong Pananampalataya?

Hindi maaaring magkaroon ng pananampalatayang Kristiyano na hindi kasama si Kristo. Ito ay malinaw na katotohanan, nguni't hanggang saan natin nalalaman ito sa ating buhay pananampalataya? Tingnan natin ang bawa't isa sa tatlong puntos na gawa sa doksolohiya na binasa sa pagtatapos ng Panalangin ng Pagpupuri at Pasasalamat (Eucharistic Prayer) sa misa: "Sa pamamagitan Niya, kasama Niya, at sa Kanya"

- Sa pamamagitan ni Kristo

Ang pananampalataya ng Simbahang Kristiyano ay yung tumitingin sa Diyos Ama sa pamamagitan ni Kristo. Wika nga ni San Juan, "Walang sinuman ang nakakita sa Diyos. Ang Diyos na tanging Anak lamang (sa ibang salita, Hesukristo), na siyang malapit sa puso ng Diyos, na siyang nagpakilala sa kanya." (Juan 1: 18). Katulad ng mga taong nabuhay nung panahon ni Hesus na naniwala na ang 'Diyos ay Pag-ibig' sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at gawa, nakilala natin ang Diyos Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ebanghelyong ipinahayag ni Kristo.

- Kasama si Kristo

Katulad sa paniniwala kay Kristo, naniniwala din tayo, kasama si Kristo, sa Diyos Ama. Si Kristo ay hindi pinagtutuunan ng pananampalataya, bilang Salita na 'naging katawan' Siya ang 'daan' patungo sa Ama, ang 'taga-pamagitan' sa atin at sa Ama, at ang 'huwaran' ng ating pananampalataya. Si Kristo ang nangunguna at ang kaganapan (perfecter) ng ating pananampalataya' (Hebreyo 12:2). Si Hesus na Anak ng Diyos, tumutugon sa Diyos Ama na nagmamahal, na siya mismong pagmamahal, ay nagtiwala ng sarili Niya sa Ama. Bilang mga kapatid ni Kristo, na nakikiisa sa Kanyang pagtingin sa mga bagay-bagay, sa Kanyang mga pinahahalagahan, at sa hiwaga ng Kanyang pagkatao, tinitingala natin ang Ama kasama si Kristo na nagpapasan sa ating mga kahinaan.

- Kay Kristo

Katulad ng mga kusang-loob na gawa ng isang tao, ang ating mga gawang

pananampalataya ay maaari ding gawang hindi pangkaraniwan (supernatural) na gawa ng Espiritu Santo na walang hanggang pagtaas ang tao. paglawak_ "**Walang sinuman na makakapagsabi na si 'Hesus ay Diyos' maliban sa Espiritu Santo**" (1 Korinto 12:3). Sa pakikiisa kay Kristo ako na siyang naniniwala, kahit na ang aking pag-iral ay may hangganan, ay makakapagsabi na, "**Hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin**" (Gal 2:20).

6. Ang Misa ba ang Sentro ng Iyong Pananampalataya?

Ang mga sakramento ay hindi lamang itinuturing na may pananampalataya ... sila ang siyang nagbibigay dito ng lakas at nagpapahayag nito; kaya sila ay tinatawag na mga "Sakramento ng Pananampalataya" (Vatican II, *Sacrosanctum concilium*, Constitution on the Sacred Liturgy, 59). Ang Misa, lalo na, ang Liturhiya ng Banal Na Eukaristiya (Rite of the Eucharist) na nagdiriwang ng 'Sakramentong Banal' ay ang pinagmulan at kaganapan ng buhay pananampalataya. Ang mga sakramento ay hindi mga pangyayari na tulay para ang grasya ng Diyos ay kusang maipamahagi; sila ay napakahalagang mga gawain ni Kristo na ginagawa ng mga ministro at mga lumalahok at kaya sila ang mga pangyayari na nakakaharap natin si Kristo. Kaya dapat nating pagsikapan na magkamisa sa Araw ng Diyos lalo na, na siyang talagang inihanda para sa komunidad at nilalahukan nang lahat ng buong_puso. At dahil nga dito mismo, sa Misa ay nakakaharap natin si Kristo na hindi natin nakikita upang tayo ang maging buhay na simbolo (visible sign) ng hindi nakikitang biyaya. Kahit ano mang pagbibigay diin sa kahalagahan ng Misa hindi mangyayari na sapilitan masobrahan itong maidiin (emphasize), kaya pakiusap na dalasan natin ang pagmuni-muni kung ang Misa ba ay ipinagdiriwang natin nang karapatdapat bilang sentro ng ating masiglang buhay pananampalataya.

7. Ang Pananampalataya mo ba ay Nasasalamín sa Iyong Pang-araw-araw na Buhay?

Ang paghihiwalay ng Pananampalataya at Buhay ay isang suliranin na dapat nating bantayan nang maingat kahit na sa ating buhay pananampalataya. Kapag nalaman ng tao ang Diyos, sila ay nabibigyan ng biyayang praktikal upang magamit nila ang kanilang pananampalataya sa kani-kanilang buhay. Nguni't ang kaalamang ito ay kailangang gamitin sa karaniwang gawain sa pang-araw-araw na buhay. Sa ganitong paraan ang pananampalataya ay hindi natitira sa antas ng nakatagong katotohanan sa loob natin na nagiging lakas upang mabuksan natin ang ating sarili sa iba, upang malabanan ang kasakiman at upang makapagsimula at magtuloy ang pagmamahal sa ating kapwa (neighbours) bilang mga kapatid. Kapag pinag-uusapan ang paggamit ng pananampalataya sa pang-araw-araw na buhay, ito ay hindi may pag-iisip na meron tayong makukuhang benepisyong sa pagsunod sa mga pinag-uutos; o kaya ay pagsasagawa ng utos na pagmamahal na tulad ng moralismong walang katuturan na akala ay tama ang gumawa ng masama sa iba o maging daan ng kasamaan (nuisance) sa ibang tao. Sa ngayon ang Simbahang Hapones ay patuloy sa kanyang pagsisikap na makapagtayo ng

kapatiran (ecclesial community) kasama ang mga Katoliko ng iba't-ibang nasyonalidad. Sa pakikipagtagpo sa mga Kristiyanong mula sa ibang bansa tulad ng Pilipinas at Latin-Amerikanong mga bansa na sa kasaysayan ang Kristiyanismo ay matibay na nang nag-ugat, tayo na mga Hapones ay maraming matutunan sa kanila. Kailangang matutunan natin sa kanila ang mga bagay tulad ng pagdarasal sa bahay, pagsasalin ng pananampalataya sa mga anak, ang pagpapahalaga sa pamilya, ang paghingi ng tulong (protection) ng Diyos at pagdarasal ng pasasalamat sa anuman at alin mang bagay sa buhay na nagiging tulad sa pananampalatayang kinalakihan na ("habituated faith"), tunay na bahagi ng sarili.

8. Binubuhay ba ng iyong Pananampalataya ang Kapayapaan ng Diyos?

"Bakit ka natatakot? Wala ka bang pananampalataya?" (Marcos 4:40). Maaaring walang sinuman ang hindi nakaramdam ng mga pait (angst) ng buhay at imposible itong mawala nang lubusan. Tayo na naniniwala sa Diyos ay hindi nakakaalam ng lahat; maraming mga mysteryong natitira pa. Nguni't ang mga taong marurunong at naniniwala sa pagmamahal ng Diyos ay binibigyan ng malinaw na gabay na panuntunan upang mailagay nila ang lahat ng mga nangyayari sa buhay nila sa tamang pagtanaw. Ang pinakamahirap sa buhay ay ang hindi malaman kung saan patutungo.

Paulit-ulit na sinabi ni Hesus sa mga taong kanyang napagaling, "Ang inyong pananampalataya ang nagpagaling sa inyo" (Mateo 9:22; Marcos 5:34; Lukas 7:50, at iba pa) Tinuturuan Niya tayo na ang karanasan ng pagsagip sa pamamagitan ng pananampalataya ay ang 'Kapayapaan' (*Shalom*) na ibinibigay ni Kristo. Hindi ba't ang ating pananampalataya ay paraan ng pamumuhay na kahit anumang pagbabago sa kalagayan ng bawa't isa nalalalaman natin ang ating sariling kawalan ng lakas at naniniwala tayo na ang Diyos ang siyang bahala; na kaya nga hindi tayo sumusuko sa gitna ng katotohanan na di natin pinili at tayo man ay nahaharap sa 'pagsubok ng pananampalataya' ('trials of faith') sa halip ay umaasa tayo sa Diyos na tapat sa atin.

9. Ang Pananampalataya mo ba ang Istorya ng Iyong Buhay?

Tayong mga Kristiyano ay tulad sa isang taong marunong na "**Nagtayo ng bahay (buhay) sa ibabaw ng bato (Kristo bilang pundasyon)**" (Mateo 7:24). Sa dahilang mismong ito, nahahanap natin ang layunin ng ating buhay at ang pinatutunguhan ng kasaysayan ng daigdig. At saka, ang pananampalataya ay nililinaw ang tanong kung sino ako, na nagbibigay ng matibay na pundasyon sa aking pagkakakilanlan (identity) bilang isang taong minamahal at binubuhay (sustained) ng Diyos. Ang Kristiyano ay hindi lang isang tao na kasama sa Simbahan Katoliko at, nakasalalay lamang sa kanyang mga turo at mga pinahahalagahan, kumikilos na ang paa ay halos hindi nakalapat sa lupa. Binubuo ng pananampalatayang Kristiyano ang buhay sa isang makahulugang istorya sa pamamagitan ng pag-uugnay ng aking

nakalipas at kasalukuyan habang natatagpuan ko kay Kristo, sa kahabaan ng aking kaisa-isang buhay, ang karanasan ng pagsagip, na siyang 'kaligtasan at kalayaan'. Sa ibang salita, inihahayag ni Kristo ang sarili niya sa akin sa istorya ng aking buhay.

Dagdag pa dito, ang Pananampalatayang Kristiyano ay nagtuturo sa mga tao na sila ay dapat mabuhay para sa iba at hinihikayat sila na gamitin ang sarili sa pagtanim ng mga pinahahalagahan ng ebanghelyo sa Lipunan, ituro kung ano yung nagbibigay sa atin ng batayan para umasa sa buhay na angat sa daigdig na ito. Kung kaya sa pagtanggap sa anumang kalagayan, kahit na anong hirap ang ating danasin, tayo ay naniniwala sa 'pangako' na sa kalaunan tayo ay maliligtas sa kasamaan at kamatayan, at huhugutin doon ang ating kagustuhang mabuhay. Sa katunayan, ang pananampalatayang nasa atin ngayon, sa halip na layuan tayo sa panahong hinaharap natin ang kamatayan, ay naghahanda sa atin na mapayapang ipagkatiwala ang sarili natin sa Ama na siyang pinagmumulan ng pag-ibig at buhay.

10. Ang iyong Pananampalataya ba ay matamlay?

Maaari kaya na ang ating pananampalataya ay isang pananampalatayang hindi nagbubunga? Sa ibang salita, hindi kaya ito ay pangsarili (self-centered) at makasariling (self-righteous) pananampalatayang na tumatawag sa Diyos para lamang humingi ng pampalubag-loob upang gumaan ang pakiramdam sa sarili? Kahit paano man natin tingnan ang bagay na ito, may pagkukulang na labas sa pagitan ng pagpapahayag ng pananampalataya sa dapat na paraan at ang ating pansariling pananampalataya. Iisa lamang ang Kristiyanong pananampalataya nguni't sa paglipas ng panahon, o dahil sa pagkakaiba ng mga tao, at mayroong dati pa, napakaraming iba't-ibang uri ng mga pamamaraan sa pagpapahayag ng pananampalataya. Dahil wala namang pansariling pananampalataya, kailangan nating gamitin ang mga matagal nang napatunayang pamamaraan upang mapalinis at mapalalim natin ang ating pananampalataya.

Ang isip na tayo ay tiyak na tiyak sa ating pananampalataya ay minsan nagiging sanhi ng pagkaligaw. Sa kasaysayan ng Simbahan, may mga pagkakataon na may mga gawang pangdebosyon na nagmula sa mabuting kalooban nguni't naging pamahiin o nagdulot ng debosyong panatiko. Kaya napakahalaga sa mga mananampalataya na maging bukas sa turo ng Simbahan (*magisterium*) sa 'pag-unawa sa pananampalataya ng lahat na naniniwala (*sensus fidelium*)' at tanggapin ang kanilang pananaw (Vatican II, *Lumen gentium*, Dogmatic Constitution on the Church, 12). Tulad ng aking nabanggit sa aking Liham Pastoral 2009 tungkol sa bokasyon "Ang katapatan sa pagsunod sa Diyos' ay mahalaga. Kahit sinasabi natin na tayo ay sumunod sa Diyos, paminsan-minsan ang sinusunod lamang natin ay ang ating sarili. Ito ay kahinaan ng tao at isang kasalanan. Kapag pinag-iisipan natin kung ang pagpapahayag ng ating pananampalataya ay tama, kailangan nating magnilay-nilay ayon sa ebanghelyo at ang malinaw na batayan nito: si Kristo mismo.

11. Isinasabuhay mo ba ang iyong Pananampalataya kasama ang Iyong mga Kapwa Naniniwala?

Ang isang Kristiyano ay hindi naniniwala nang nag-iisa. Kapag sinasabi natin na 'naniniwala ako' isinasama natin ang ating boses sa lahat ng bumabahagi sa iisang pananampalataya ng Simbahan. Ang lahat na Kristiyano ay naniniwala nang sama-sama, lahat ay nagmamahal sa bawa't isa, at lahat ay umaasa sa buhay na walang hanggan. Hindi ako maaaring magkaroon ng pananampalataya na para sa akin lamang; ang pananampalataya ay likas na pang pamayanan o pangkomunidad at mangyayari lamang sa 'sama-samang paniniwala'.

Ang pagkakaisa at pagkakapatiran ng Ama, Anak at Espiritu Santo (*koinonia*) ay isang gabay at pinanggagalingan ng komunidad ng pananampalataya. Ang pakikipagkapatiran sa Diyos ng bawa't isa sa atin ay dagliang nagdudulot sa pakikipagkapatiran sa komunidad ng pananampalataya, at sa pamamagitan ng komunidad na ito ang pananampalataya ay lalo pang lumalakas at lumalalim. Upang matiyak ang buod o nilalaman (content) ng iyong pananampalataya, at kung paano ka tumutugon doon, kailangan mo ng pangpananampalayang karanasan ng iba pang mga Kristiyano. Ito ang dahilan kung bakit tayo ay nagbabahagi ng ating pananampalataya sa iba. Ang Simbahan ay hindi lamang lugar para tayo ay makasama sa Misa, ang komunidad ng Simbahan ay hindi bagay na hindi pa 'umiiral' bago tayo dumating, ito ay nabubuo kapag ang mga taong tinawag ng Diyos ay masiglang nagkikita upang 'buuin' iyon. Gusto ba natin talagang isabuhay ang ating pananampalataya kasama ang iba pang kapwananiniwala?

12. Ang iyo bang Pananampalataya ay Naglilingkod sa Diwa ni Kristo?

Lahat tayo ay darating sa pagkakaisa ng pananampalataya at kaalaman sa Anak ng Diyos, sa paggulang nito, na ayon sa sukatan ng buong katayuan (stature) ni Kristo (Eph 4:13). Tayo na mga may pananampalataya na sakop ng isang Natatanging Simbahan, Diyosesis ng Kyoto, ay mayroon ng "block system" at ang mga gawain para sa sama-samang pagpapahayag at misyon upang itayo ang Simbahan na siyang Katawan ni Kristo at "nagsisilbi sa Espiritu ni Kristo na siyang nagbibigay buhay sa Simbahan" (Vatican II, *Lumen gentium*, Dogmatic Constitution on the Church, 8). Ang mga ginawa ng mga Parish Pastoral Council and the Pastoral Activity Sectors ay walang halaga hangga't ang bawa't isang kasapi sa simbahan ay hindi nagiging komunidad na nagbabahagi ng Salita at Tinapay ng Buhay. Tunay na aking batayang hangad bilang Obispo na pag-isahin ang bawa't kasapi sa simbahan sa pagpapatakbo at pag-aalaga ng parokya. Ang isang komunidad na nakikibahagi sa Diwa ni Kristo ay palaging inuuna ang samahan. Kahit sa pagkakamali, hindi natin dapat pagkalituhan ang pag-usbong ng pananampalataya ng komunidad sa paglalagay ng bagong sistema.

13. Magdasal Tayo para Magkaroon ng Lakas ng Loob na Isabuhay ang ating Pananampalataya

“Pinagpala siya na naniniwala na magkakatotoo ang sinabi sa kanya ng Maykapal.” (Luke 1:45). Sa pamamagitan ng pananampalatayang tulad kay Maria, tayo rin ay maaring tulad niya, pinagpalang mga tao na naniniwala sa kagustuhan at layunin ng Diyos. Ang pagsasabuhay ng pananampalataya sa anumang panahon ay palaging nangangailangan ng lakas ng loob at ito ay lalo pang kailangan sa ngayon. Datapwa’t sa mga tao sa ngayon, ang buhay mismo ay nangangailangan ng lakas ng loob, para sa mga Kristiyano na ipinagkakatiwala ang kanilang pananampalataya sa bagay na hindi nila nakikita lalo pang malakas na kalooban ang kailangan. Hindi natin isinasabuhay ang pananampalataya sa pamamagitan ng ating kakayanang pangtao, kundi sa pamamagitan ng biyaya at lakas ng loob na bigay sa atin ng Diyos.

Ang pananampalatayang pinili ni Kristo na ibigay sa atin ay may kasaganaang hindi masusukat at hindi ko kayang sabihin sa sulat na ito ang bawa’t isang bagay ng ibig sabihin ng pagkakaroon ng pananampalataya. Ang aking pangunahing hangarin sa pagsulat nito ay ang mapag-isipang muli ang aking sariling pananampalataya mula sa aking kalooban (from within); sa ikalawang bahagi ng tema susunod na taon susubukan kong pag-isipan ang ating bokasyon na maging saksi sa pananampalataya.

Enero 1, 2011

Sa Kataimtiman ni Maria, Ina ng Diyos.

(*) Ang lahat ng ginamit na quotations mula sa Ebanghelyo ay hango sa the *New Revised Standard Version*